# LIWAGON, BACOJO KAMPEON SA ALPHALAND CHESSFEST

**PINAGHARIAN ni National Master lawyer Bob Jones Liwagonang katatapos na sixth leg Alphaland National Executive Chess Championship na ginanap sa Activity Hall, Second Floor Alphaland Makati Place sa Malugay Street, Makati City**

Si Liwagon na miyembro ng multi-titled Philippine Army chess team ay nanaig kina fellow six pointers Ervil Villa at engineer Arjoe Loanzon via superior tiebreaks tungo sa coveted title sa one-day National Chess Federation of the Philippines-sanctioned rapid tournament na matagumpay na inorganisa ng Philippine Executive Chess Association (PECA) sa gabay ni president Atty. Cliburn Anthony A. Orbe.

Tumapos naman si Information Technology expert Jose Cada ng fourth overall na may 5.5 points, kaparehas ng naitala ni fifth placer Reynaldo Aba-a.

Ang mga nakapasok sa top 10 ay na may tig 5 points ay sina 6th place Narquingel Reyes, 7th place Dr. Alfred Paez, 8th place Atty. Cliburn Anthony A. Orbe, 9th place engineer Ravel Canlas ng PAGCOR at 10th place Nelman Lagutin.

Nagpakitang gilas naman si Mark Jay Bacojo, isa sa top players ng Dasmarinas Chess Academy na itinatag nina Dasmarinas mayor Elpidio "Pidi" Barzaga Jr., congresswoman Jenny Barzaga at national coach International Master Roel Abelgas, matapos ang malakas na kampanyang sinimulan para makopo ang kiddies crown na may 6.5 points, half point ahead kay second place Srihaan Podar (6 pts.) at full point ahead kay third place Allan Gabriel Hilario (5.5 pts.).

Nanguna naman sa grupo ng five pointers sina Karlycris Clarito Jr., Junsen Audric Maranan at Lemmuel Jay Adena. Pinangunahan ni NCFP director at MVP Olympics PLDT Team Manager Martin "Binky" Gaticales ang opening rites kasama sina Philippine Executive Chess Association (PECA) president Atty.Cliburn Anthony A. Orbe, Press Relation Officer Dr. Alfredo Paez, NM Efren Bagamasbad, IT expert Joselito Cada at seven-times Philippine Executive champion Dr. Jenny Mayor.**(Marlon Bernardino)**

## HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com



**PERPETUAL HELP HOST NCAA SEASON 94** - ANG mga coaches ng ibat-ibang team at ang NCAA Policy Board president Anthony Moran Tamayo sa kanyang mahahalagang pananalita para sa gaganaping opening ng NCAA 94 Season sa Mall of Asia Arena makaraang ganapin ang pagtitipon sa nasabing venue kamakailan. **(RGN)**



**PHIL VS AUSTRALIA FIBA GAMES** - ANG shake hand sa pagitan ng Philippine at Australia bago magsimula ang kanilang laro kung saan ay sumiklab ang kaguluhan makaraan ang ilang minuto sa kasagsagan ng 3rd quarter kung saan ay kabi-kabilang kumento ang lumabas sa social media ng laban kaugnay ng ginanap na FIBA Basketball World Cup 2019 Asian Qualifiers sa Philippine Arena, Bucaue Bulacan. **(RGN)**

# Vargas, Guevarra nanguna sa Angeles Open Chess Tournament

MANGUNGUNA sila PS. SUPT Enrico H. Vargas, Angeles City Police Office (ACPO) director at PCINSP Francisco M.Guevarra Jr., Police Station 6 commander ng Angeles City ang naimbitahang magsasagawa ng opening ceremony sa tinampukang Challenge the Game Open Chess Tournament sa Hulyo 14, 2018 na gaganapin sa Robinsons Mall, Balibago sa Angeles City, Pampanga.

Makakasama nila sa opening ceremony ay sina tournament organizer SPO1 Gary Cañon, Sgt. Hamsel Mandagan, Edward Serrano of Young Chess Players' Parents Association of Pampanga,Inc (YCPPAP), Jose Fernando "Fer" Camaya of Angeles City Sports Office at iba pang City Ofûcials.

Ang one-day tournament ay inorganisa ni SPO1 Gary Cañon at sanctioned ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP) na magsisimula sa ganap na 10:30 a.m. Ang time control format ay 20 minutes na may three second delay ang ibibigay sa bawat manlalaro.

Nakataya ang P6,000 cash prizes plus elegant trophy para sa magkakampeon sa Open division habang P1,000 plus elegant trophy naman ang nakalaan sa maghahari sa kiddies Under 12 category, 1900 and below rating.

Ang registration fee worth P300 para sa Open section at P200 naman para sa kiddies woodpushers. Para sa pagpapatala ay makipag-ugnayan kina tournament organizer SPO1 Gary Cañon sa kanyang mobile number: 0955-533-2811, Sgt. Hamsel Mandagan sa 0906-475-6630 at Edward Serrano sa 0915-563-0974 para sa dagdag detalye. **(Marlon Bernardino)**



**TOP 3 WINNERS PECA** - TUMANGGAP ng tropeo at cash sila (mula kaliwa) 3rd place IM International Master Ronald Dableo, 2nd place Julius Gonzales ng Marikina at Champion IM International Master Jan Emmanuel Garcia mula kay PECA organizer Cliburn Anthony Orbe makaraang magsipanalo ang tatlo sa katatapos na 2018 PECA Philippine Executive Chess Association 6TH Leg Open Rapid Chess Tournament na ginanap sa Alphaland Makati City. **(RGN)**




## IRA HERRERA BATIKANG RACE CALLER

SI Ginoong IRA C. HERRERA ay isa sa mga magagaling o beterano na Club Announcer o Race Caller dito sa ating bansa.

Nagsimula siya bilang isang professional Race Caller taong 1997 sa karerahan ng lumang Santa Ana Park.

Ang una "SALANG" sa pagtawag ng aktuwal na karera ay laking nerbiyos ang kanyang nararamdaman. Hindi niya alam kung paano niya uumpisahan ang pagtawag sa mga pangalanng mga kabayo na tatakbo sa karera yun.

Natatandaan pa ni Mr. Herrera na ang kabayong Dancing Oscar ang nanalo sa kaunaunahan niya pagtawag ng karera ng kabayo.

Sabi niya silang mga Race Caller o Club Announcer ay meron kanya-kanyang "STYLE" sa pagtawah ng aktuwal na karera.

Pagnarinig ng Bayang Karerista ang pagtawag ng "Three and Fifty to Travel yan ang "Style" ni Mr. Herrera.

Noong una ay balak niyang maging isang propesyunal na hinete ngunit hindi siya pumasa dahil matangkad siya.

Nagpapasalamat siya kay Ginoong Carding De Suniga dahil marami siyang natutunan dito sa pagtawag ng aktuwal na karera. Sa mga kapwa na rin club announcer na sina Denden Sambajon, Chris Ora, Vic Sandig at sa mga bagong race caller.

Marami rin papuri na natanggap ni Mr. Herrera sa iba'- ibang sector ng Horse Racing Industry.

Lubos din siyang nagpapasalamat sa Bayang Karerista sa pagtitiwala sa kanya at sa kapwa niya Race Caller.

Isang TALENTO ang pagiging isang Race Caller.

**OOO**

Binabati natin ang anak nina Ginoong Renato A. Avenido at Ginang Evelyn Cruz Avenido na si Lorraine Cruz Avenido pumasa ng Political Science Liberal Arts na may "HONOR", Magna Cumlaude sa UNLV, Las Vegas, Nevada United States.

Lubos na nagpapasalamat si Ginoong Avenido sa kanyang mabait na asawa na katuwang niya sa pag-aaruga ng kanilang anak na si Lorraine na maging mabuting anak.

**CONGRATS PO SIR AND MAM!**

# CAVITE PUBLIC SCHOOLS TO UNDERTAKE DISASTER RESILIENCE ACTIVITIES

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite – All public elementary and secondary schools in the province were directed to undertake various efforts that promote heightened awareness, consciousness and mitigation thst focus on Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) among school administrators, teachers, personnel and school children.**

In a division memorandum , Department of Education (DepEd)-Cavite Schools Division Superintendent Cherrylou D. Repia said the activities are pursuant to Executive Order No. 29 s 2017, which mandates all national government agencies, schools included, to observe the National Disaster Resilience Month (NDRM) - which falls in July every year. This year's theme is "Katatagan sa Kalamidad ay Makakamtam Kapag Sapat ang Kaalaman sa Kahandaan (Achieving Disaster Resilience through Adquate Knowledge and Preparedness)."

Repia enjoins all public schools' active participation in the nationwide campaign of building disaster resilience in schools at all levels by undertaking various activities such as posting of tarpaulin, intensive implementation of the standardized school DRRM team, and conduct student-led school watching and hazard mapping.

She also called for the establishment of school DRRM corner/space, where DRRM related activities and IEC materials may be posted; posting of updated emergency hotlines and evacuation plan; devoting time for class discussion on preparedness; mitigation and prevention during rainy season; and conduct of symposium or forum on DRRM.

The School Divisions Superintendent expects a narrative report of the schools' efforts by July 26.

Formerly referred to as the National Disaster Consciousness Month, the annual observance was renamed NDRM to highlight the shift from disaster awareness building to disaster resilience.

The month-long celebration in July shall focus on four DRRM focal areas: disaster prevention and mitigation, disaster preparedness, disaster response and disaster rehabilitation and recovery. ***(Gladys Pino-PNA)***




## COLE IS BRIGHT, BANDERANG TAPOS

Bumungad kaagad ang mga outstanding favorite sa pakarerang naganap nung nakaraan sa bakuran ng Santa Ana Park, iyan ay ang mga kabayong sina Cole Is Bright na bumanderang tapos sa kamay ng hineteng si John Santiago, sinundan iyan ni Unoh Hernandez sa kabayong si Dragon Butterfly at sa pangatlong takbuhan ay hindi na nag-aksaya pa ng panahon ang hineteng si Deo Fernandez sa sakay niyang si Banjo na kaagad inagaw ang unahan at tinapos na malayo ang agwat sa kanilang mga nakalaban. Sa ikaapat na takbuhan ay nakatakbo ng totoo ang kabayong si Son Also Rises upang biguin si Brilliance. Sabi nga sa mga nakasagap ng impormasyon ay hindi halata ang pagdala kay Brilliance sa unang parte, pero pagdating sa huling kurbada ay doon na nakita at naramdaman ng mga karerista na hindi nagkagusto sa klase ng pagdadalang nagawa kay Truly Ponti, sabay dugtong pa nung mga nakapanood na dapat ay hindi na pinasasakay pa iyong nagdala dahil mas lamang sa walang panalo ang itataya nilang pera kapag iyon ang sakay. Isang napakalakas na ulan ang natapat sa ikalimang takbuhan kaya marami tuloy ang hindi nakapagpatakbo ng natural sa kanilang mga sakay upang makaiwas sa disgrasya. Magkagayon pa man ay hindi nagpadaig sa laban ang naliyamadong ng dala ni Jommel Lazaro na si Gee's Prize. Sa takbuhang iyan ay kamuntik na manalo sa laban ang isa sa mga inaabangan natin na si Weekend Bash, mabuti na lamang ay sumiksik sila patabi ng balya sabay talbog talbog na lamang ang nagawa sa kabayo nung hinete niya na si Pamboy Ponce at dahil na rin nga sa lakas ng remate ni Gee's Prize.

## Pumalag sa checkpoint, lalaki todas

PATAY ang isang lalaki nang nabaril ng mga elemento ng Cavite police makaraang pumalag sa isang checkpoint sa GMA, Cavite.

Kinilala ang suspek na alias Nano, umanoy nasa listahan na isang pusher at holdaper sa Silang at GMA Municipal Police Station.

Sa report ni PO2 Bobie Balazo ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-3:30 ng madaling araw nang naganap ang insidente sa Brgy. Poblacion 1 GMA.

Nauna rito, nagsagawa ng Oplan Sita ang mga elemento ng GMA police sa nasabing lugar kung saan sinisita ang mga sasakyan na dumadaan.

Sakay ng kanyang motorsiklo na walang plaka ang suspek, hindi rin ito nakaligtas sa pagsita ng mga pulis subalit imbes na tumugon ito ay pinaharurot ang kanyang motorsiklo sa direksiyon ng F. De Castro, GMA kaya hinabol siya subalit hindi siya tumigil at nagpaputok pa ito dahilan gumanti ang mga pulis na nagresulta sa agarang pagkamatay ng suspek.

Patuloy ang isinasagawang imbestigasyon sa kaso. **GENE ADSUARA**





**PROVIDING ASSISTANCE TO CONSTITUENTS:** In its goal to prove its compassion and sympathy to the less privileged Cavitenos, the provincial government led by Governor Boying Remulla thru the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) distributed a total of P8,050,000 worth of financial assistance to 1,399 citizens on July 2, 2018 held at the provincial capitol grounds in Trece Martires City. One thousand two hundred seventeen (1,217) recipients of medical assistance received the amount of P7,424,500 and 182 beneficiaries were granted a total of P625,500 burial support to augment their financial resource and aid in their medical and burial expenses. The recipients voiced out their gratefulness to the provincial government's program for the poor and showed appreciation for the assistance that were given to them. — **(PICAD)**

HANEP SHOWBIZ



# MAY GUSTONG TUMARGET KAY MAINE MENDOZA?

**AMININ man o hindi ay talagang masasabing tunaw o lusaw na ang tambalang Maine Mendoza at Alden Richards.**

Pero sa kabila na matamlay na ang love team ng dalawa ay nariyan pa rin ang kanilang mga fans.

Nagagalit nga ang mga supporters ni Maine basta mayroong nali-link na ibang girl kay Alden.

Meaning ay umaasa pa rin ang mga tagahanga na uusbong ang Alden-Maine tandem.

Pero paano naman kung kay Maine mayroong mauugnay, paano naman ang feelings ng Alden fans?

Halimbawang may napapabalitang mayroong nais tumarget kay Maine.

Kung ang Maine fans ay sumasabog ang dibdib sag alit, ganoon din malamang ang tagahanga ni Alden.

Totoong mayroong tumatarget kay Maine, but not for love or relationship sake.

Si Coco Martin lang naman ang tumatarget, yes na yes at gusto ng Kapamilya star si Maine.

Baba muna ang mga kilay ng mga Alden-Maine fans sa kung anong dahilan bakit tinatarget ni Coco ang Kapuso female star.

Target ni Coco si Maine na makatrabaho o makasama sa pelikula.

Entry sa papalapit na Metro Manila Film Festival ang 'Popoy en Jack' na pagbibidahan ni Coco kasama si Bosing Vic Sotto.

Sa pelikulang ito ay target ni Coco na mapabilang si Maine bilang isa sa mga cast.

Bilang isa sa mga tumatayong producers ng pelikula ay mayroong 'say' si Coco na pumili ng iba pang cast.

Aminado si Coco na talagang gusto niyang makasama sa pelikula si Maine.

As of now ay hindi pa batid kung maipaplantsa na ang iskedyul para mapabilang si Maine sa pelikula.

Let say na aprubado halimbawa na join si Maine sa pelikula, hati ang kanilang fans.

Lalo pa at napapabalita hindi ba na si Alden naman ay sa ibang MMFF movies mapapabilang.

Kay Kris Aquino, kay Vice Ganda o kung kanino man natural na mahahati ang mga fans sa papasukang sinehan.

But there's a possibility also na puwedeng parehong tangkilin ng Alden-Maine fans ang pelikula ng dalawa kahit hindi sila magkasama.

Speaking of Coco, sadyang hindi mapigil-pigilan ang lakas ng rating ng kanyang teleseryeng 'FPJ's Ang Probinsiyano' sa Channel 2.

Magtatatlong taon na ang naturang teleserye kaya ang malaking katanungan ay kung kailan ito magwawakas.

Kayo, gusto na ba ninyong wakasan ang teleserye ni Coco?





# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 72 labas)**

"AYOKO na nga sanang tumakbo uli kaya lang mapilit lang talaga ang mga kabarangay natin eh."

Kunwari pa si Kardo sa pagsasabi sa kanyang misis na napilitan lang siyang kumandidatong muli.

"Alam mo 'di mo masisisi ang mga tao rito na patakbuhin kang muli kasi maganda ang mga nagawa mo."

Si Inday naman ay sadyang ipinapakita at ipinararamdam kay Kardo ang kanyang suporta sa asawa.

"Ang problema nga lamang dahil sa sobrang subsob ko sa trabaho at tungkulin ay kakaunti na lang ang oras ko na napupunta sa 'yo."

Patay-malisya pa si Kardo na nahihiram ang oras niya ng kanyang mga kabarangay.

"Naiintindihan ko naman 'yun eh, 'saka isa pa'y ako rin naman ang nagpursigi sa 'yo 'nung una na tumakbo ka rito sa ating barangay."

Kinokonsensiya pa ni Kardo si Inday na ang kanyang misis ay walang kamalay-malay sa mga ginawa niya.

"Hay salamat naman, akala ko eh matitiis mo na ako at 'di na ako sisiputin eh."

Balik sa dating gawi si kapitan at tinupad ang pangako kay Lyka na tuloy ang kanilang ligaya pagkatapos ng eleksiyon.

Talo pa ng dalawa na akala mo ay halos isang taon na hindi nagkita.

Saglit na pag-uusap lamang at humantong na sina Kardo at Lyka sa silid.

Matagal na nagkulong sa kuwarto ang dalawa at kinabukasan na lumabas.

"Kain na tayo 'kap, paborito moa ng niluto ko. Need mong humigop ng mainit na sabaw."

Unang nagising si Lyka at pagkabangon ay nag-asikaso ng alamusalin nila.

Asikasung-asikaso ni Lyka si Kardo kaya naman hinahanap-hanap na rin siya ni kapitan.

Sarap na sarap sa kinakain si Kardo at hindi na kagaya ng dati na nag-iisip pa ng idadahilan niya kay Inday bakit hindi siya nakauwi.

Sa ngayon ay maning-mani o napakadali na para kay kapitan ang paggawa ng alibi.

"Talaga! Ganon ba?"

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-71 labas)**

HINDI maikakaila at halatang-halata ni Dagul ang klase ng pasasalamat sa kanya ng dating propesor.

Puno ng kaplastikan kasabay ng pasasalamat ang pakikipagkamay sa kanya.

"Magkita na lang uli tayo panyero sa mga darating na hearing natin."

Naunang umalis at lumabas ng restoran ang dating propesor na tanaw-tanaw lamang ni Dagul.

"Nag-aalala rin kami sa 'yo kuya lalo at ang sabi mo ay mga bigtime na ang kalaban mo."

Magkakakuwentuhan ang tatlong magkakapatid at labis ang pag-aalala nina Bert at Jerome para sa kanilang Kuya Dagul.

"Hustisya ang hinahanap natin dito, kailangang maibigay kay tatay ang katarungan."

"Salamat sa inyo at 'wag kayong mag-alala dahil nag-iingat naman ako palagi."

"Higit sa lahat ay naniniwala ako sa patnubay at gabay na ipagkakaloob sa akin ng Panginoong Diyos sa laban na ito."

"Ang Diyos natin ay 'di papayag na maghari ang kasamaan at ipapataw ang kaparusahan para sa mga nagkasala."

Likas na malapit sa Diyos ang tatlong magkakapatid kaya hindi sila natatakot sa ano mang laban basta para sa kabutihan lamang.

"Bakit nga ba tayo lumipat dito kuya? 'Saka 'panu na 'yung bahay ni auntie roon?"

Nakakailang pagharap na sa paglilitis ng kaso at alam ni Dagul na papalapit na ang paglabas ng huwes para sa desisyon o hatol.

Kaya naman mas pinili at nagpasya si Dagul na lumipat muna silang magkakapatid.

"Pansamantala lang muna ito dahil kailangan nating makasiguro at mag-ingat."

"Babalik uli tayo roon sa bahay ni auntie at 'wag kayong mag-alala dahil 'di natin 'yun aabandonahin."

"Basta kayong dalawa ay mag-iingat din at palaging alisto lalo ka na Jerome 'pag magkasama kayo ng girlfriend mo."

Masaya si Dagul dahil bukod sa nirerespeto siya ng mga kapatid ay sumusunod sa kanya ang dalawa.

"Pagkatapos ng masusi at maselang pag-aaral ng hukumang ito."

(Sundan)

# NAGSANAY NG PSYCHOSOCIAL INTERVENTION NG DOH, MAGBABAHAY-BAHAY

**HANDA ng harapin ng may 430 mga health workers ng Department of Health (DOH) na sumailalim sa pagsasanay sa Psychosocial Interventions ang mga naturukan ng Dengvaxia vaccines at kanilang mga pamilya.**

Sinabi ni Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo na kailangan na umanong gamitin ang natutuhan ng mga nagsanay na mga health workers sa mga batang naturukan ng dengvaxia vaccines at mga pamilya nito na nakakaranas ng depression, pangamba at pag-aalala.

"We need to immediately deploy these trained health workers to Dengvaxia affected communities in the region in order to address concerns such as depression, anxiety and psychosocial problems that vaccines and their families have been experiencing since the start of the Dengvaxia panic," sinabi ni Janairo sa harapan ng mga sumailalim sa pagsasanay sa Psychosocial intervention sa Splash Suites sa Tagaytay City, Cavite.

"These health workers can effectively facilitate interventions because they are taught to recognize signs of psychosocial distress and can employ supportive listening techniques, provide education about stress reduction techniques, as well as making a referral to specialist support if required, and available," dagdag pa ni Janairo.

Tinatayang 430 na health workers ang nagsanay kabilang ang provincial health team leaders, evelopment management officers, program managers, nurses, medical technologists, provincial at municipal health officers at barangay health workers.

Paliwanag ni Janiaro na ang mga DOH Psychosocial Support Team ay bibisita sa mga bahay-bahay sa mga batang naturukan ng Dengvaxia vaccinees at mga pamliya nito kung saan kakalingain at makikinig ang mga ito upang manumbalik ang kanilang pagtitiwala sa mga programa ng DOH at titiyakin ang pagbibigay suporta sa mga ito. Sa datos ng Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU), may kabuuang 366 na naiulat na kaso ng Dengvaxia mula June 16 hanggang June 22, 2018 at may 15,121 kaso mula December 1, 2017 hanggang June 22, 2018.

Mayroong 46 na namatay na iniugnay sa Dengvaxia vaccine at karamihan dito ay mga babae na may edad 2 taon hanggang 46.

Ang Laguna ang nakapagtala ng may pinakamataas (4,504, 30%) sumunod ang Batangas (4,101, 27%); Cavite (2,981, 20%). **GENE ADSUARA**



**DOH-CALABARZON** Mental Health Program Manager Paulina A. Calo and Evelyn R. Go, Head of Adult Psychiatry and Women and Children Protection Unit of Quirino Memorial Medical Center with the participants of the DOH-CALABARZON Psychosocial Intervention for Health Workers held at Splash Suites, Tagaytay City, Cavite on June 26-28, 2018. **BOY NAMORA**

# Good news to all SSS members!

The Social Security System (SSS) announced that the following partner banks and non-bank partners are now accepting contribution payments using the Payment Reference Number (PRN) under the Real-Time Posting of Contributions (RTPC) system:

**BANKS**
1. Asia United Bank
2. Bank of Commerce
3. Bank of the Philippine Islands
4. Security Bank Corp.
5. Philippine Business Bank
6. PNB Savings Bank
7. Union Bank of the Philippines
8. Wealth Development Bank, Inc.

**NON-BANKS**
1. CIS Bayad Center, Inc.
2. G-Xchange, Inc.
3. I-Remit, Inc.
4. Pinoy Express Hatid Padala Services, Inc.
5. Sky Freight Forwarders, Inc
6. Ventaja International, Inc.

SSS added that some other banks are currently enhancing their system to become RTPC-compliant in order to receive contribution payments using the PRN.



Convergence meeting of PIA4A and SSS4A in Calamba City to flesh out on-ground Sulit sa SSS communication activities

# DOE Encourages Young Women to Join the Energy Workforce

**TANAUAN CITY, BATANGAS** - The Department of Energy (DOE) continues to invite more young women into the field of science, technology and engineering, as part of its strategy for energy security of the country.

On 28 June 2018, the DOE held its 12th ENEReady event for 160 Grade 10 students in Tanauan City High School, with the theme "Breaking Gender Stereotyping in the Energy Workforce." Through this program, the DOE is encouraging students to enroll in the Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) Track in Grade 11. The DOE, through its Gender and Development advocacy, is also focusing on women to harness their potential as they constitute half of the Philippine population.

During the event, the students were provided insights on technical career opportunities in the energy industry by linking them with the different bureau functions of the agency. At the same time, they were introduced to the concept of energy resiliency.

The lady speakers from the DOE Renewable Energy Management Bureau and Energy Resource Development Bureau shared their work experiences, as well as the benefits that they derive from their respective vocations in the energy department. They emphasized that among the adaptive capacity indicators of a country is the number of engineering graduates per year, as a percentage of the total population. For the Philippines, this stood at a meager 0.07% in 2016.

The school's principal Lilibeth L. Cabrera expressed her appreciation to the DOE for presenting a wide array of technical disciplines in the energy sector, as well as the various opportunities in energy industry. She said that before the ENEReady Program, their career counselling was limited to the more common jobs available in the market, such as nursing, medicine, accounting, and information technology.

The Batangas event was held in collaboration with the Junior Chamber International's (formerly the Philippine Jaycees, Inc.) Tanauan Mabini Chapter, through its President, Anna Marie Quarer and Engr. Edison Subala.

DOE-Consumer Welfare and Promotion Office headed by Division Chief Helen B. Arias spearheaded the ENEReady Program. Since its inception in 2016, the program already inspired more than 2,000 students to take up engineering and science courses.


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# BUMARIL KAY KAPITANA, TIMBOG SA PULISYA

**TIMBOG sa mga tauhan ng Manila Police District ang gunman na bumaril sa isang bagong halal na baranggay chairwoman sa loob mismo ng kanyang bahay noong Hunyo 30 ng gabi sa Binondo, Maynila.**

Ayon sa ulat ni MPD District Special Operations Unit (DSOU) chief C/Insp. Joselito de Ocampo, positibong kinilala ng biktimang si Adora Usero, 47, chairwoman ng Brgy. 270, Zone 25 sa Camba St., Binondo at residente ng 667 Camba St. Binondo, ang suspek na si Bong Bucquel, parking attendant at ng Sto. Cristo St., Binondo, na siyang bumaril sa kanya sa loob ng bahay niya.

Base kay De Ocampo, binaril umano ng suspek ang biktima dahil binigo ng huli ang una na payagang ituloy ang pagpa-parking sa bisinidad ng kanilang barangay nang magpaalam noong Pebrero.

Dakong alas 7:30 ng umaga naaresto ang suspek sa isinagawang follow-up operation ng grupo ni De Ocampo sa harap mismo ng Barangay Hall.

Kasunod nito, agad na iniharap ng pulisya ang suspek kay Usero na kasalukuyang nagpapagaling sa Metropolitan Hospital kung saan positibo nitong kinilala na siyang bumaril sa kanya.

Naiyak sa galit ang biktima nang makita ang suspek na wala naman imik ng positibong ituro ng kapitana.

Nauna rito, dakong alas 8 ng gabi mula sa kanilang oath-taking sa PICC ay pinasok ang kanyang bahay ng isang hindi pa nakikilalang salarin at saka pinagababaril ang biktima dahilan kaya nagsagawa ng malalimang imbestigasyon ang MPD PS11 sa pangunguna ni C/Insp. Alden Panganiban na nagresulta sa pagkakakilanlan ng suspek.

Sa pagkakapiit sa MPD Homicide section ay iginigiit ng suspek ang kanyang karapatang manahimik upang hindi makapanayam ng MEDIA.

**(BRIAN GEM BILASANO)**



Tikom ang bibig ng suspek na itinuturong bumaril sa isang barangay chairwoman habang nasa himpilan ng pulisya. **(BRIAN GEM BILASANO)**

## Riding in tandem na snatcher tiklo; baril, droga kumpiskado

NAKALAWIT ng mga oepratiba ng Manila Police District (MPD) ang riding in tandem habang nagsusugal ng cara y cruz ilang oras makaraang mambiktima at mang-agaw ng cellphone sa isang Tsinoy sa Sta. Cruz, Maynila.

Ayon kay MPD Station 3 commander Supt. Julius Cesar Domingo, dakong alas 10:15 ng umaga nang agawan ng cellphone ng mga suspek ang biktimang si Jeffrey Sy,31, ng 1125 Kusang loon St., Sta. Cruz habang nakaupo sa labas at nagtitext sa T.Mapua St. malapit sa D. Jose St. ,Sta.Cruz.

Makaraan ang insidente agad na nagreklamo sa MPD-PS3 ang biktima at mabilis na nagresponde ang pulisya at sa pamamagitan ng mga CCTV ay nakilala ang mga suspek at natunton ang dinaanan ng mga ito.

Kasunod nito, inatasan ni Domingo ang mga tauhan ng Alvarez-PCP sa pangunguna ni C/Roy Calulot na magsagawa ng follow-up operation na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek.

Nakilala ang mga suspek na sina Joshua Mabanag ,21 ng Natividad St., Sta Cruz ; at Michael Angelo, 26 ng Quiricada Tondo, na nagsusugal ng cara y cruz.

Nang makita ang paparating na pulis kaagad na sumakay sa kanilang Yamaha Mio sporty na kulay pink ang dalawang suspek pero kaagad silang napigilan ng mga pulis habang nakatakas ang dalawa pang kasamahan ng mga ito na nagsusugal.

Nakumpiska sa mga suspek ang dalawang .22 kalibre baril at dalawang sachet ng marijuana.

Hindi na nabawi ng biktima ang cellphone at inihanda na ang kasong robbery sa mga suspek. **(BRIAN GEM BILASANO)**



RIDING N TANDEM! KALABOSO sa mga tauhan ni MPD PS3 commander Supt. Julius Cesar Domingo ang mga suspek na Joshua Mabanag ,21, ng Natividad St. Sta Cruz ; at Michael Angelo, 26, ng Quiricada Tondo, sa agarang follow-up operation sa Kalimbas St. corner San Lazaro St. na nagsusugal ng cara y cruz ilang oras makaraang manghablot ng cellphone lulan ng isang walang plakang motorsiklo sa T.Mapua at D. Jose sa naturang lugar. **(BRIAN GEM BILASANO)**



ARESTADO sa isinagawang Oplan Galugad ng MPD PS3 sa pamumuno ni Supt. Julius Cesar Domingo ang tatlong holdaper na sina Janno Maggudatu, 23, myembro ng Sputnik Gang, ng Dalla St., West Fairview, QC ;Kenneth Maggudatu, 18, San Jose Del Monte, Bulacan; at Keith Razzel, 27, DD driver, Gonzalo Puyat St., Quiapo. Tinagurian silang Maggudatu brothers holdap group na matagal ng namamayagpag sa Metro Manila. Isa sa kanila ang kasama sa panghoholdap sa isang UV XPRESS na nag-viral nang makunan ng DASHCAM noong Enero sa Taft Ave., Maynila. Nakumpiksa sa mga suspek ang isang patalim, dalawang loaded na baril at ilang sachet ng droga.**(BRIAN GEM BILASANO)**



Puspusan ang paglilinis at pagrereker ng Manila Traffic & Parking Bureau (MTPB) and Barangay Traffic Assistance Group (BTAG) in ACTION sa mga sasakyan na nakaparada sa pinagbabawal na lugar. Makikita sa larawan ang mga ilang sasakyan sa kalye ng A. Mabini at Leon Guinto sa Malate na kinakabitan ng panghatak na kadena upang hatakin patungo sa impounding area. **(FREDDIE M. MANALAC)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Ang babae ay nirerespeto at minamahal

BASTED o hindi tinanggap ang iniaalok na pag-ibig ang dahilan ng pananaksak at pagpatay ng isang lalaki sa babaing nililigawan nito.

Ang suspek na si Rommel Payumo ay mabilis na nakatakas pagkatapos isagawa ang krimen sa bayan ng Tuao, Cagayan.

Masahol pa sa adik ang suspek na ito dahil 18 saksak ang ibinigay niya sa biktima.

Dalaga ang biktima at nasa 22-anyos subalit walang pagtatangi sa suspek kaya binasted nito si Rommel.

Binurdahan ng saksak, ngangahulugan na labis ang pagkamuhi ng suspek.

Masyadong dinamdam at hindi natanggap ang pagkakabigo niya sa dalaga.

Ang tinamaan na magaling na lintek na suspek na ito, halos anak na lamang niya ang biktima.

Si Rommel ay 52 taong gulang na at ang kanyang napisil na ligawan ay nasa 30 ang agwat ng edad niya.

Wala namang problema sa edad para sa pag-ibig subalit hindi dapat ipilit ang sarili kapag ayaw ng nililigawan mo.

Hindi rin sapat na dahilan upang ikaw ay pumatay dahil lamang sa pagiging basted.

Kung ayaw sa iyo ng babae ay humanap ka ng iba at huwag ipagsiksikan ang sarili.

Ang masakit pa rito ay mukhang pinagsamantalahan pa ni Rommel ang biktima sa mismong bahay pa ng dalaga.

Sinusulat ko ang pitak na ito ay hinihintay pa ang resulta ng pagsusuri sa dalaga upang mabatid kung nagahasa ng suspek.

Ang babae ay nirerespeto at minamahal, hindi inaabuso at pinapatay.

Ulitin ko, kung ayaw sa iyo ay ibaling sa iba at tiyak naman na makakahanap ka rin.



Iniabot ni Special Assistant to the President (SAP) Secretary Bong Go ang tulong pinansyal mula PAGCOR at PCSO kasama ng gift packs kay Ginang Eliza Advincula, 75 anyos, isa sa 53 pamilyang residente na nasunugan sa Tambunting St. Sta. Cruz, Maynila. **(Christian Heramis)**

# E-POWER MO

E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE

## We have the Energy Ability.

**Tamang pag-iingat,
pag-aalaga, at diskarte.**

May abilidad tayong mapanatiling sapat
para sa ating mga pangangailangan ang
**Enerhiya ng Ating Bayan.**



#EPowerMo
doe.gov.ph

**Department of Energy**